Department of
Education

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

Public education
A world of opportunities

English	Filipino (Tagalog)
Community Consultation Cannington and Maddington area	Pakikipag-konsultasyon sa Komunidad Lugar ng Cannington at Maddington
Public schooling in the Cannington and Maddington area	**Pampublikong pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington**
The State Government is undertaking community consultation with local parents, students and community members about schooling in the Cannington and Maddington area and possible changes to Cannington Community College, Sevenoaks Senior College, Cannington Community Education Support Centre, and Yule Brook College.	Nagsasagawa ang Pamahalaan ng Estado ng pangkomunidad na pakikipag-konsultasyon sa lokal na mga magulang, mag-aaral at miyembro ng komunidad tungkol sa pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington at sa posibleng mga pagbabago sa Cannington Community College, Sevenoaks Senior College, Cannington Community Education Center, at Yule Brook College.
The Department of Education's preferred model of secondary schooling is to, where possible, provide students with continuity of learning from Years 7 to 12 within a single school environment.	Ang piniling batayan (model) ng Department of Education para sa sekundaryong pag-aaral, hangga't maaari, ay ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng patuloy na pagkatuto mula sa mga Year 7 hanggang 12 sa loob ng iisang kapaligiran ng paaralan.

At present:	Sa kasalukuyan:
• Cannington Community College caters for students in Kindergarten to Year 10. Students then need to enrol at Sevenoaks Senior College or another school for Years 11 and 12. • Sevenoaks Senior College caters for students in Years 11 and 12. The Big Picture Education Australia program is one of a range of programs offered at the College. • The Cannington Community Education Support Centre caters for students in Years 7 to 12 across two sites. Students in Years 7 to 10 attend Cannington Community College and students in Years 11 and 12 attend Sevenoaks Senior College. • Yule Brook College caters for students in Years 7 to 10. The College uses the Big Picture Education Australia program to provide individualised learning plans for students. Students then have the option to continue their learning at Sevenoaks Senior College for Years 11 and 12, either in Big Picture or other secondary courses.	• Ang Cannington Community College ay para sa mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang Year 10. Pagkatapos ay kailangang mag-enrol ang mga mag-aaral sa Sevenoaks Senior College o iba pang paaralan para sa Year 11 at 12. • Ang Sevenoaks Senior College ay para sa mga mag-aaral sa Year 11 at 12. Ang programang The Big Picture Education Australia ay isa sa mga hanay ng mga programang iniaalok sa Kolehiyo. • Ang Cannington Community Education Support Centre ay para sa mga mag-aaral sa Year 7 hanggang 12 sa dalawang lugar. Ang mga mag-aaral sa Year 7 hanggang 10 ay papasok sa Cannington Community College at ang mga mag-aaral sa Year 11 at 12 ay papasok sa Sevenoaks Senior College. • Ang Yule Brook College ay para sa mga mag-aaral sa Year 7 hanggang 10. Ginagamit ng Kolehiyo ang programang Big Picture Education Australia upang makapagbigay ng pang-indibidwal na mga plano sa pagkatuto para sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay may opsiyon ang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa Sevenoaks Senior College para sa Year 11 at 12, sa Big Picture man o iba pang mga sekundaryong kurso.
There are currently 1691 students between the four schools.	Sa kasalukuyan ay may 1691 mag-aaral sa apat na mga paaralan.
The current structure of the schools has been a topic of discussion in the community. There are concerns about the requirement for students to change schools during their secondary education.	Ang kasalukuyang istruktura ng mga paaralan ay naging paksa ng talakayan sa komunidad. May mga alalahanin tungkol sa kahingian (requirement) para sa mga mag-aaral na lumipat ng paaralan sa kanilang sekundaryong edukasyon.

There are a number of factors to consider, including:	May ilang ng mga salik (factors) na dapat isaalang-alang, kabilang ang:
• the number of students enrolled; • resourcing schools to maximise student learning; and • continuity and consistency in learning and student support.	• bilang ng mga mag-aaral na nag-enrol; • paghahanap ng mga paaralan upang lubusin ang pagkatuto ng mag-aaral; at • nagpapatuloy at hindi pabago-bagong suporta sa pag-aaral at mag-aaral.
Local community members are invited to have their say through an online survey, where they can select one of the following options:	Ang mga lokal na miyembro ng komunidad ay inaanyayahang magpahayag ng kanilang pananaw sa pamamagitan ng online survey, kung saan maaari nilang piliin ang isa sa sumusunod na mga opsiyon:
Option 1	Opsiyon 1
• Yule Brook College extends to enrol Years 11 and 12 students in the Big Picture Education Australia program only. • Cannington Community College becomes a Kindergarten to Year 6 primary school. • Sevenoaks Senior College extends to Years 7 to 12. • Cannington Community Education Support Centre offers Years 7 to 12 on the Sevenoaks Senior College site.	• Ang Yule Brook College ay palalawigin (extends) upang makapag-enrol ng Year 11 at 12 na mga mag-aaral sa programang Big Picture Education Australia lamang. • Ang Cannington Community College ay magiging primarya o mababang paaralan ng Kindergarten hanggang Year 6. • Ang Sevenoaks Senior College ay palalawigin (extends) sa Year 7 hanggang 12. • Ang Cannington Community Education Support Centre ay mag-aalok ng Year 7 hanggang 12 sa lugar na Sevenoaks Senior College.
Option 2	Opsiyon 2
• Yule Brook College extends to enrol Years 11 and 12 students in the Big Picture program only. • Amalgamate Cannington Community College and Sevenoaks Senior College and offer Kindergarten to Year 12 across two sites. • Cannington Community Education Support Centre offers Years 7 to 12 on one site.	• Ang Yule Brook College ay palalawigin (extends) upang makapag-enrol ng Year 11 at 12 na mga mag-aaral sa programang Big Picture lamang. • Pagsasamahin ang Cannington Community College at Sevenoaks Senior College at mag-aalok ng Kindergarten hanggang Year 12 sa dalawang lugar. • Ang Cannington Community Education Support Centre ay mag-aalok ng Year 7 hanggang 12 sa isang lugar.

Q. Is the number of students in a school important?	Tanong. Mahalaga ba ang bilang ng mga mag-aaral sa isang paaralan?
A. Schools of all sizes can be successful. As enrolments grow, a school increases its capacity and resource flexibility to offer wider educational opportunities and a broader range of specialised programs for students.	Sagot. Ang mga paaralan na may iba't ibang laki ay maaaring magtagumpay. Habang lumalaki ang bilang ng mga nag-eenrol, nagdaragdagan ang kapasidad at kakayahang umangkop ng paaralan upang makapag-alok ng mas malawak na mga pagkakataong pang-edukasyon at mas malawak na hanay ng mga natatanging programa para sa mga mag-aaral.
The total enrolments as at Wednesday, 19 August 2020 for each school are:	Ang kabuuang bilang ng nag-enrol noong Miyerkules, 19 Agosto 2020 para sa bawat paaralan ay:

Paaralan	**Mga Year**	**Buong bilang ng mga nag-enrol**
Cannington Community College	Kindergarten hanggang Year 10	761
Sevenoaks Senior College	Year 11 at 12	493
Yule Brook College	Year 7 hanggang 10	317
Cannington Community Education Support Centre	Year 7 hanggang 10 sa lugar ng Cannington Community College at Year 11 at 12 sa lugar ng Sevenoaks Senior College	120

Q. What is the preferred model of primary schooling?	TANONG. Ano ang piniling batayan (model) ng primaryang pag-aaral?
A. The preferred model of primary schooling in Western Australian public schools is Kindergarten to Year 6 in one school. Currently, Cannington Community College students go through to Year 10 at their school.	SAGOT. Ang mas piniling batayan ng primaryang pag-aaral sa pampublikong paaralan sa Western Australian ay Kindergarten hanggang Year 6 sa isang paaralan. Sa kasalukuyan, ang mga mag-aaral sa Cannington Community College ay nag-aaral hanggang Year 10 sa kanilang paaralan.

Q. What is the preferred model of secondary schooling?	TANONG. Ano ang piniling batayan ng sekundaryong pag-aaral?
A. The preferred model of secondary schooling is to, where possible, provide students with seamless Years 7 to 12 secondary schooling in one school. A secondary school with around 1200 students can provide the necessary breadth and depth of curriculum throughout the secondary school years.	SAGOT. Ang piniling batayan ng sekundaryong pag-aaral ay, hangga't maaari, magbigay sa mga mag-aaral ng walang-pagkabalam na sekundaryong pag-aaral ng Year 7 hanggang 12 sa iisang paaralan. Ang sekundaryong paaralan na may mga 1200 mag-aaral ay makapagbibigay ng kailangang lawak at lalim ng kurikulum sa buong mga taon sa sekundaryong paaralan.
Q. Who will be consulted as part of the community consultation process?	TANONG. Sino ang kukunsultahin bilang bahagi ng proseso ng pakikipag-konsultasyon sa komunidad?
A. Parents/carers, students and community members in the Cannington and Maddington area are invited to have their views heard by providing feedback through an online survey. The survey is also available to interest groups, students and other stakeholders.	SAGOT. Ang mga magulang/tagapag-alaga, mga mag-aaral at mga miyembro ng komunidad sa lugar ng Cannington at Maddington ay inaanyayahang magpahayag ng kanilang pananaw sa pamamagitan ng pagbibigay ng feedback sa online survey. Ang survey ay makukuha rin ng mga interesadong grupo (interest groups), mga mag-aaral at iba pang mga stakeholder.
Q. How can I be involved in the consultation process?	TANONG. Paano ako makikibahagi sa proseso ng konsultasyon?
A. The consultation process will take eight weeks. Initially, you can be involved by providing feedback through a short survey. Your responses are anonymous and will be collated with other responses for analysis. The survey is online at education.wa.edu.au and is open for three weeks from 9.00am on Wednesday 26 August 2020 and will close at 5.00pm on Tuesday 15 September 2020.	SAGOT. Ang proseso ng konsultasyon ay tatagal ng walong linggo. Sa umpisa, maaari kang makibahagi sa pamamagitan ng pagbibigay ng feedback sa isang maikling survey. Ang iyong mga sagot ay hindi mo pagkakakilanlan at isasama sa iba pang mga sagot para sa pagsusuri. Ang survey ay nasa online sa education.wa.edu.au at bukas hanggang tatlong linggo mula alas-9.00 ng umaga sa Miyerkules 26 Agosto 2020 at magsasara sa alas-5.00 ng hapon sa Martes 15 Setyembre 2020.

If you do not have access to the internet, you are welcome to visit your local school during school hours for assistance. Please contact your local school to arrange a suitable time.	Kung wala kang access sa internet, maaari kang bumisita sa iyong lokal na paaralan sa mga oras ng paaralan para magpatulong. Mangyaring kontakin ang inyong lokal na paaralan para maiskedyul ang angkop na oras.
The outcomes of the consultation process will help inform any decisions by the State Government about public schooling in the Cannington and Maddington area.	Ang mga resulta ng proseso ng konsultasyon ay tutulong sa paggawa ng Pamahalaan ng Estado ng anumang desisyon tungkol sa pampublikong paaralan sa lugar ng Cannington at Maddington.
Q. Can I attend a forum?	TANONG. Puwede ba akong dumalo sa forum?
A. Yes, there are three community forums being held:	SAGOT. Oo, may tatlong forum sa komunidad na gaganapin:
• Sevenoaks Senior College and Cannington Community Education Support Centre school communities - Wednesday 26 August 2020 from 6.00pm to 7.00pm at Sevenoaks Senior College lecture theatre, 275 Sevenoaks Street, Cannington. Register at Sevenoaks.sc.parentinfo@education.wa.edu.au. • Cannington Community College - Tuesday 1 September 2020 from 6.00pm to 7.00pm at Cannington Community College library, 147 Wharf Street, Cannington. Register at Cannington.cc@education.wa.edu.au. • Yule Brook College – Wednesday 2 September 2020 from 6.00pm to 7.00pm at Yule Brook College performing arts theatre, 61 Dellar Road, Maddington. Register at Yulebrook.col@education.wa.edu.au.	• Sevenoaks Senior College at mga komunidad ng paaralan ng Cannington Community Education Support Centre - Miyerkules 26 Agosto 2020 mula alas-6.00 hanggang alas-7.00 ng gabi sa lecture theatre ng Sevenoaks Senior College, 275 Sevenoaks Street, Cannington. Magparehistro sa Sevenoaks.sc.parentinfo@education.wa.edu.au. • Cannington Community College - Martes 1 Setyembre 2020 mula alas-6.00 hanggang alas-7.00 ng gabi sa aklatan ng Cannington Community College, 147 Wharfhar Street, Cannington. Magparehistro sa Cannington.cc@education.wa.edu.au. • Yule Brook College – Miyerkules 2 Setyembre 2020 mula alas-6.00 hanggang alas-7.00 ng gabi sa teatro ng sining ng pagtatanghal (performing arts theatre) ng Yule Brook College, 61 Dellar Road, Maddington. Magparehistro sa Yulebrook.col@education.wa.edu.au.

Physical distancing measures will apply at the community forums.	Ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansya ay ipatutupad sa mga forum ng komunidad.
Q. What is being considered in this consultation process?	TANONG. Ano ang isasaalang-alang sa proseso ng konsultasyong ito?
A. There are a number of factors to consider throughout this process, including the size of schools, number of students enrolled, range of courses and subjects that students can study, and pastoral care programs and support services for students.	SAGOT. May ilang mga salik na isaalang-alang sa buong prosesong ito, kabilang ang laki ng mga paaralan, bilang ng mga mag-aaral na naka-enrol, hanay ng mga kurso at aralin na maaaring pag-aralan ng mga mag-aaral, at mga programa sa paglilinang ng kagandahang-asal (pastoral care) at mga suportang serbisyo para sa mga mag-aaral.
Q. Will any changes disrupt students already enrolled at the schools?	TANONG. May mga pagbabago ba na makakabalam sa mga mag-aaral na naka-enrol na sa mga paaralan?
A. High quality education is the main focus in managing any change to public schooling. The Department of Education works closely with school leaders and others whenever changes are made to schools to ensure they do not impact on student learning and wellbeing.	SAGOT. Ang mataas na kalidad ng edukasyon ang pangunahing tututukan sa pamamahala ng anumang pagbabago sa pampublikong paaralan. Ang Department of Education ay nakikipagtulungan nang husto sa mga lider ng paaralan at sa iba tuwing may mga pagbabago sa mga paaralan upang matiyak na hindi maaapektuhan ng mga ito ang pag-aaral at kapakanan ng mga mag-aaral.
Q. Will there be any changes to school local-intake areas?	TANONG. Mayroon bang anumang mga pagbabago sa mga lokal na lugar na tinatanggap ng paaralan?
A. This depends on any decision by the State Government following the consultation process.	SAGOT. Depende ito sa anumang desisyon ng Pamahalaan ng Estado pagkatapos ng proseso ng konsultasyon.
Q. Is funding allocated to implement outcomes of the consultation?	TANONG. May pondo bang inilaan upang ipatupad ang mga resulta ng konsultasyon?
A. Any decision by the State Government about changes to public schooling in the Cannington and Maddington area will need to be properly costed and appropriate funding allocated. This also applies to any building requirements.	SAGOT. Kailangang alamin ang tamang gastos at paglaanan ng angkop na pondo ang anumang desisyon ng Pamahalaan ng Estado tungkol sa mga pagbabago sa pampublikong pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington. Ito ay ilalapat din sa anumang mga kahingian (requirements) sa pagtatayo ng gusali.

Q. What will happen to the information gathered as part of the consultation process?	TANONG. Ano ang mangyayari sa impormasyong natipon bilang bahagi ng proseso ng konsultasyon?
A. Outcomes of the consultation process will help inform any decisions by the State Government about public schooling in the Cannington and Maddington area.	SAGOT. Ang mga kalalabasan ng proseso ng konsultasyon ay makakatulong sa paggawa ng anumang mga desisyon ng Pamahalaan ng Estado tungkol sa pampublikong pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington.
Q. When will a decision be made?	TANONG. Kailan gagawin ang desisyon?
A. The Minister for Education and Training will inform the community when a decision is made.	SAGOT. Ipapaalam ng Minister for Education and Training sa komunidad kapag nakagawa na ng desisyon.
Additional information added Tuesday 8 September 2020:	*Karagdagang impormasyon na idinagdag noong Martes 8 Setyembre 2020:*
Q. Why is there no option for no change?	TANONG. Bakit walang opsiyon para sa ‘walang pagbabago’?
A. The State Government wants to know which of the two options the community would prefer if changes were to be made to schooling in the Cannington and Maddington area, so the option of no change has not been included.	SAGOT. Gustong malaman ng Pamahalaan ng Estado kung alin sa dalawang opsiyon ang mas gusto ng komunidad sakaling may mga pagbabagong gagawin sa pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington, kaya ang opsiyon na ‘walang pagbabago’ ay hindi isinama.
Q. What is the timeframe for any changes to take place once a decision is made?	TANONG. Ano ang takdang panahon (timeframe) para sa anumang mga pagbabago na mangyayari kapag nakagawa na ng desisyon?
A. Should the State Government decide to change schooling in Cannington and Maddington area, a lot of planning would need to be done. This includes any changes to the buildings and establishment of the new schools, including staffing. There is no timeframe as yet.	SAGOT. Sakaling magpasya ang Pamahalaan ng Estado na baguhin ang pag-aaral sa lugar ng Cannington at Maddington, maraming pagpaplano ang kailangang gawin. Kabilang dito ang anumang mga pagbabago sa mga gusali at pagtatatag ng mga bagong paaralan, kabilang ang mga kawani. Wala pang nakatakdang panahon sa ngayon.

Q. Will staff at any of the schools lose their jobs?	TANONG. Mawawalan ba ng trabaho ang mga kawani sa alinmang mga paaralan?
A. All permanent staff are employees of the Department of Education and are guaranteed continuity of employment. All fixed term contracts will be honoured.	SAGOT. Lahat ng permanenteng kawani ay mga empleyado ng Department of Education at ginagarantiyang patuloy na magtatrabaho. Lahat ng mga kontratang fixed term ay igagalang.
Q. Is it possible for a third option which would see Yule Brook College extend to Years 11 and 12, and no changes happen at Cannington Community College, Cannington Community Education Support Centre and Sevenoaks Senior College?	TANONG. Posible bang magkaroon ng ikatlong opsiyon kung saan ang Yule Brook College ay palalawigin (extend) sa Year 11 at 12, at walang mga pagbabagong mangyayari sa Cannington Community College, Cannington Community Education Support Centre at Sevenoaks Senior College?
A. That is not one of the options proposed, but if the survey shows that the community would like this option to be considered, the State Government would take that into consideration.	SAGOT. Hindi ito isa sa mga opsiyon na iminungkahi, ngunit kung ipinapakita sa survey na gusto ng komunidad na isaalang-alang ang opsiyong ito, pag-aaralan ito ng Pamahalaan ng Estado.
Q. Will any changes be made to the catchment areas?	TANONG. May gagawin bang anumang mga pagbabago sa mga lugar na pagkukunan ng mga mag-aaral?
A. Changes to local intake areas could be made to accommodate the needs of all students.	SAGOT. Ang mga pagbabago sa mga lokal na lugar na pagkukunan ay maaaring gawin upang matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.
Q. What capital works will be required?	TANONG. Anong mga pangunahing proyekto (capital works) ang kinakailangan?
A. The capital works requirements will be determined when the State Government makes a decision about the model of schooling to be implemented.	SAGOT. Ang kinakailangang mga pangunahing proyekto ay matutukoy kapag ang Pamahalaan ng Estado ay gumawa ng desisyon tungkol sa batayan (model) ng pag-aaral na ipatutupad.

Q. One of the benefits of Sevenoaks Senior College is the adult style education. How will that change if Years 7 to 10 are added?	TANONG. Isa sa mga benepisyo ng Sevenoaks Senior College ay ang edukasyon na estilong pang-adulto. Anong magbabago dito kung ang Year 7 hanggang 10 ay idinagdag?
A. All secondary schools recognise the needs of young adult learners and make special provision for them. This includes privileges not available to younger students.	SAGOT. Kinikilala ng lahat ng sekundaryong paaralan ang mga pangangailangan ng mga kabataang mag-aaral at gumawa ng espesyal na probisyon para sa kanila. Kabilang dito ang mga pribilehiyo na hindi makukuha ng nakababatang mga mag-aaral.

2017 retention data	2217 retention data
Yule Brook College	**Yule Brook College**
• 39.3% (22 out of 56) of 2017 Year 10 students from Yule Brook College enrolled in Year 12 at Sevenoaks Senior College. • 14.3% (8 out of 56) of 2017 Year 10 students from Yule Brook College enrolled in Year 12 at public schools other than Sevenoaks Senior College. • 19.6% (11 out of 56) of 2017 Year 10 students from Yule Brook College have no enrolment in a public school after Year 10.	• 39.3% (22 sa 56) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay nag-enrol sa Year 12 sa Sevenoaks Senior College. • 14.3% (8 sa 56) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay nag-enrol sa Year 12 sa mga pampublikong paaralan maliban sa Sevenoaks Senior College. • 19.6% (11 sa 56) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay hindi nag-enrol sa pampublikong paaralan pagkatapos ng Year 10.
Cannington Community College	**Cannington Community College**
• 63.4% (78 out of 123) of 2017 Year 10 students from Cannington Community College enrolled in Year 12 at Sevenoaks Senior College. • 5.7% (7 out of 123) of 2017 Year 10 students from Cannington Community College enrolled in Year 12 at public schools other than Sevenoaks Senior College. • 12.2% (15 out of 123) of 2017 Year 10 students from Cannington Community College have no enrolment in a public school after Year 10.	• 63.4% (78 sa 123) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay nag-enrol sa Year 12 sa Sevenoaks Senior College. • 5.7% (7 sa 123) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay nag-enrol sa Year 12 sa mga pampublikong paaralan maliban sa Sevenoaks Senior College. • 12.2% (15 sa 123) ng 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay hindi nag-enrol sa papampublikong paaralan pagkatapos ng Year 10.
Yule Brook College and Cannington Community College	**Yule Brookok College at Cannington Community College**
• 55.9% (100 out of 179) of total 2017 Year 10 students from Yule Brook College or Cannington Community College completed Year 12 at Sevenoaks Senior College.	• 55.9% (100 sa 179) ng kabuuang 2017 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College o Cannington Community College ay nagtapos ng Year 12 sa Sevenoaks Senior College.

2018 retention data	2018 retention data
Yule Brook College	**Yule Brook College**
• 45.6% (31 out of 68) of 2018 Year 10 students from Yule Brook College enrolled in Year 12 at Sevenoaks Senior College. • 11.8% (8 out of 68) of 2018 Year 10 students from Yule Brook College enrolled in Year 12 at public schools other than Sevenoaks Senior College. • 14.7% (10 out of 68) of 2018 Year 10 students from Yule Brook College have no enrolment in a public school after Year 10.	• 45.6% (31 sa 68) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay nag-enrol sa Year 12 sa Sevenoaks Senior College. • 11.8% (8 sa 68) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay nag-enrol sa Year 12 sa mga pampublikong paaralan maliban sa Sevenoaks Senior College. • 14.7% (10 sa 68) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College ay hindi nag-enrol sa pampublikong paaralan pagkatapos ng Year 10.
Cannington Community College	**Cannington Community College**
• 62.7% (74 out of 118) of 2018 Year 10 students from Cannington Community College enrolled in Year 12 at Sevenoaks Senior College. • 11.0% (13 out of 118) of 2018 Year 10 students from Cannington Community College enrolled in Year 12 at public schools other than Sevenoaks Senior College. • 4.2% (5 out of 118) of 2018 Year 10 students from Cannington Community College have no enrolment in a public school after Year 10.	• 62.7% (74 sa 118) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay nag-enrol sa Year 12 sa Sevenoaks Senior College. • 11.0% (13 sa 118) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay nag-enrol sa Year 12 sa mga pampublikong paaralan maliban sa Sevenoaks Senior College. • 4.2% (5 sa 118) ng 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Cannington Community College ay hindi nag-enrol sa pampublikong paaralan pagkatapos ng Year 10.
Yule Brook College and Cannington Community College	**Yule Brook College at Cannington Community College**
• 56.5% (105 out of 186) of total 2018 Year 10 students from Yule Brook College or Cannington Community College completed Year 12 at Sevenoaks Senior College.	• 56.5% (105 out ng 186) ng kabuuang 2018 Year 10 na mga mag-aaral mula sa Yule Brook College o Cannington Community College ay nagtapos ng Year 12 sa Sevenoaks Senior College.